タガログ語
Tagalog

2017年 四旬節愛の献金 趣意書

“Alay ng Pagmamahal” Kampanya sa Kuwaresma

Kahit ang Hindi Pangkaraniwang Hubileyo ng Awa ay nagtapos sa katapusan ng nakaraang taon, ang apila ni Papa Fransisko, “ ang Simbahan ay itinalaga na ipahayag ang awa ng Diyos”, (Bull of Indiction of the Extraordinary Jubilee of Mercy, 12) ay hindi mawawalan ng halaga sa mga darating na taon. Ang awa ng Diyos ay totoong para sa mga inaapi, nahihirapan at nagdadalamhati. Ito ay para din sa mga namumuhay ayon sa mga halaga na salungat sa Diyos, dahil ang maawaing Diyos ay yumayakap sa lahat dahil sa Kanyang awa. Sa tingin ko ang Simbahan bilang tanda ng awa ay dapat hindi isantabi kahit sino bagkos tanggapin lahat ng buong puso.

Ang Kuwaresma ay talagang panahon upang kongkretong ipahayag ang awa ng Diyos sa maraming tao. Ito ay panahon na dapat tayong bumalik sa pinagmulan ng ating pananampalataya. Tayo ay ipinadala sa mundo upang maranasan ang awa ng ating Ama at ibahagi ito sa puso ng lahat ng tao.

Ang tradisyon ng Simbahan ay nag-udyok sa atin na pagtibayin muli ang pinagmulan ng pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, pag-ayuno at gawaing kawang-gawa sa panahon ng Kuwaresma. Ang Kampanya sa Kuwaresma ay pagserbisyo at pinag-isang layunin sa paggawa ng mga sakripisyo. Sa loob ng apat na pung araw suportahan ninyo ang kampanya na may espíritu ng sariling pagsakripisyo at lumahok sa sabay na gawaing kawang-gawa ng Simbahan.

Ang nalikom na mga abuloy ng Caritas Japan ay ipamamahagi hindi lang para sa tulong kung may emerhensiyang sakuna, kundi para din sa pagtanggol ng maraming buhay na binantaan ng krisis sa sariling bayan at ibang bansa. Ang inyong mga abuloy ay gagamitin din sa pangmatagalang tulong na nakatuon sa edukasyon ng mga minoridad na kabataan, kababaihan na umaasa sa sarili at ibang mga isyu. Ang gawaing pagtulong ay ginawa ng Caritas Japan ay sinuportahan ng inyong mga abuloy, lalo na sa mga abuloy sa Kuwaresma, at ito ay one third sa kabuuan ng taunang tulong.

Sa Kuwaresma sa taong ito, suportahan ninyo ang Kampanya sa Kuwaresma sa pamamagitan ng pag-abuloy upang maisakatawan ang awa ng Diyos at mamuhay ng may mapagbigay na puso na niyakap ng pagmamahal ng Diyos.

Marso 1, 2017
Miyerkoles ng Abo
Obispo Tarcisio Isao Kikuchi, Pangulo ng Caritas Japan